Alberta

Bagong publikasyo

# Pagpapadami ng imigrasyon ay isang tagumpay para sa ekonomiya

Pebrero 2, 2023

Maaaring ipagpatuloy ng Alberta ang pagpapasigla ng ekonomiya nito sa pamamagitan ng pagdami ng mga imigrante na susuporta sa mga lokal na ekonomiya at tutulong na punan ang mga trabaho sa mga pangunahing lugar.

Ang gobyerno ng Alberta at mahigpit na nagsusulong sa pederal na pamahalaan para sa pagtaas ng bilang ng mga imigrante na maaari nitong tanggapin bawat taon.  Sa paglaki ng ekonomiya ng Alberta at humigit-kumulang 100,000 na bakanteng trabahong dapat punan, ang probinsya ay nangangailangan ng mas maraming mga bihasang manggagawa.

Dahil sa adbokasiya na iyon, Nalaman ng gobyerno ng Alberta na ang Alberta Advantage Immigration Program (AAIP) ay makakapag-isyu ng 9,750 na nominasyon sa 2023.  Inaasahan nitong makakatanggap ng 10,140 na nominasyon sa 2024, at 10,849 na nominasyon sa 2025, malaking pagtaas mula sa 6,500 na pinahintulutan noong 2022.

"Kailangan ng Alberta ng mas maraming imigrante.  Kailangan natin ang mga ito upang tumulong sa pagpapalago ng ating mga komunidad, matugunan ang mga kakulangan sa paggawa sa mga pangunahing sektor at tumulong na ipagpatuloy ang tagumpay sa ekonomiya ng Alberta.  Ako ay nanghikayat sa pederal na pamahalaan sa loob ng maraming buwan upang tumanggap ng pagtaas sa mga numero ng nominasyon sa Alberta, at natutuwa akong makita na dininig nila ang aking kahilingan."
*Rajan Sawhney, Ministro ng Kalakalan, Imigrasyon at Multikulturalismo*

Ang pag-akit ng mga imigrante sa Alberta ay magiging susi sa pagtugon sa mga kakulangan sa paggawa sa buong probinsya. Ang mga bagong dating ay nagdadala ng mga bagong kasanayan

### Kaugnay na impormasyon

[Alberta Advantage Immigration Program]
[Oportunidad sa Alberta]

### Mga katanungan sa media

Garrett Koehler
garrett.koehler@gov.ab.ca
780-554-5777
Press Secretary, Kalakalan, Imigrasyon at Multikulturalismo

at talento na makakatulong sa pagsuporta sa mga pangunahing industriya tulad ng pangangalaga sa kalusugan, konstruksiyon, teknolohiya, agrikultura at turismo at hospitality, bukod sa iba pa.

"Ang pagtaas ng bilang ng mga sertipiko ng nominasyon para sa Alberta Advantage Immigration Program ay malugod na balita.  Hindi lamang nagdadala ng mga bagong kasanayan, ideya at pananaw ang mga bagong dating na mga manggagawa sa Alberta, tinutulungan din nila tayong lumikha ng mga trabaho, pag-iba ibahin ang ekonomiya at palakasin ang mga manggagawa sa lahat ng sektor ng ekonomiya."
*Kaycee Madu, Ministro ng Dalubhasang Pangangalakal at Mga Propesyon*

Kasama sa AAIP ang Rural Renewal at Rural Entrepreneur Stream upang tumulong sa pagsuporta sa mga lokal na ekonomiya sa buong probinsya.  Ang mga stream na ito ay nakakatulong na maakit ang mga imigrante sa kanayunan ng Alberta kung saan sila ay magiging matatag na miyembro ng kumunidad at pupunuin ang mga bakanteng trabaho sa labas ng mga lugar ng lunsod.

"Natagpuan ng mundo ang Renewed Alberta Advantage at ang mga pagkakataon para sa tagumpay na dito lang makikita. Tinitiyak ng Rural Renewal at Rural Entrepreneur Stream na ang bihasang bagong dating na manggagawa ay suportado at maaaring magtagumpay at umunlad sa labas ng pinakamalaking lunsod ng Alberta at punan ang mga bakanteng posisyon sa ating buong probinsya."
*Brian Jean, Ministro ng mga Trabaho, Ekonomiya at Hilagang Pag-unlad*

Ang AAIP ay nagbibigay ng mga bagong dating na manggagawa sa lahat ng sektor at sa lahat ng antas ng kasanayan, kabilang ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa at mga internasyonal na nagtapos at mga negosyante, na may iba't ibang mga landas upang makakuha ng permanenteng paninirahan sa Alberta.

Ang mga bagong dating ay nagdadala ng mahahalagang kasanayan sa Alberta at gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapalago ng ating ekonomiya, kaya magandang balita ito para sa Alberta, at isa pang paraan upang labanan ng ating pamahalaan ang mga kakulangan sa mga bihasang manggagawa.  Ang Mataas na Edukasyon ay patuloy na titiyakin na ang aming sistema ng post-sekondaryang edukasyon ay madaling ma-akses at abot-kaya upang ang lahat ay magkaroon ng pagkakataon na makakuha ng mga kasanayan at kaalaman na kailangan nila upang bumuo ng matagumpay na mga karera at matiyak ang kinabukasan ng Alberta."
*Demetrios Nicolaides, Ministro ng Advanced na Edukasyon*

Sa pangkalahatan, ang tumaas na kakayahan ng Alberta na magmungkahi ng mga bagong imigrante ay magpapatuloy sa pagpapasigla ng ekonomiya ng lalawigan para sa mga darating pang mga taon.

"Ang makabuluhang pagtaas na ito sa bilang ng mga bagong dating na maaaring tanggapin ng Alberta sa pamamagitan ng Alberta Advantage Immigration Program ay magiging isang makabuluhang positibo sa ating ekonomiya at lipunan. Tinutulungan ng imigrasyon ang Alberta sa napakaraming paraan, isa na rito ang tumulong na punan ang mga kritikal na kakulangan sa mga trabahong may mataas na pangangailangan. Kami ay nanawagan para sa isang malaking pagtaas sa pinabilis na pang-ekonomiyang imigrasyon upang matugunan ang mga pangangailangang ito, at pinupuri namin ang mga pamahalaang panlalawigan at pederal para sa pagsasama-sama sa pakikipagtulungan upang maisakatuparan ito."
*Adam Legge, presidente, Konseho sa Negosyo ng Alberta*

**Mga mabilisang kaalaman**

- Habang ang Alberta ay nagdagdag ng 120,000 na trabaho mula noong simula ng 2021, mayroon pa ring humigit-kumulang na 74,140 na bakanteng trabaho at tinatayang kakulangan ng 33,100 na manggagawa pagsapit ng 2025 sa maraming trabaho, antas ng kasanayan at sektor.
- Mula noong Oktubre 2020, ang Alberta ay lumikha ng maraming bagong landas, pagsasayos ng programa at itinatag ang ma mekanismo sa pagpoproseso ng priyoridad upang madagdagan ang mga pagkakataon at makaakit ng mga bihasang bagong dating. Kasama sa mga inisyatibong ito ang:
    - Alberta Express Entry Stream - mataas na demand ng mga kasanayan na may koneksyon sa pamilya ng Alberta
    - Pagiging karapat-dapat ng mga manggagawa sa relihiyon
    - Rural Renewal Stream
    - Rural Entrepreneur Stream
    - Pagtugon sa Krisis sa Ukraine
    - Pinabilis na Tech Pathway
    - Stream ng Banyagang Nagtapos na Negosyante
    - Stream ng Nagtapos na Negosyante